Be Red Cross Ready

Prepare so you can protect.

American Red Cross

Paano Maghahanda para sa Bagyo (Tropical Storm/Hurricane/Typhoon)

Ano ang bagyo?
Ang bagyo ay ang generic na pangalang binigay sa rotating, organisadong sistema ng mga ulap at ulan na may pagkulog at pagkidlat na nabubuo sa ibabaw ng mainit-init na mga tubig. Ang mga bagyo ay klasipikado ng napapanatiling tulin ng hangin:

- Tropikal Depresyon: Maximum na napapanatiling hangin ng 38 mph o mas mababa
- Tropikal na Storm: Maximum na napapanatiling hangin ng 39 mph hanggang 73 mph
- Hurricane o Typhoon: Maximum na napapanatiling hangin ng 74 mph o mas malakas (sa North Atlantic, Caribbean, Gulf of Mexico, central t eastern North Pacific, ang terminong "hurricane" ay ginagamit; sa Northwest Pacific ang terminong "typhoon" ay ginagamit.
- Pangunahing Hurricane: Maximum na napapanatiling hangin na 111 mph o mas malakas (Category 3, 4 o 5 sa Saffir-Simpson Hurricane Wind Scale, isang rating system na batay sa napapanatiling tulin ng hangin ng hurricane, na nag-eestima sa potensiyal na pinsala sa pag-aari mula sa hangin. Ang mga epekto ng pagbabaha at storm surge ay hindi kasama sa iskalang ito).

Ang kaalaman kung anong mga peligro ang makakaapekto sa komunidad mo at malaman kung ano ang gagawin bago, habang at matapos ang bawat isa ay makakatulong sa iyong manatiling ligtas at palakasin ang kakayahan niyong umayon, para makabawi ka o makaka-'bounce back' nang mabilis. Sumasailalim tayo sa nakakahamong panahon habang ninanabiga natin ang mga epekto ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) pandemic. Unawain na ang pagpaplano mo ay maaaring iba sa taong ito dahil sa pangangailangang protektahan ang sarili mo at ibang tao mula sa COVID-19. Maghanda ngayon para handa ka nang tumugon sa anumang peligrong maaari mong harapin, habang pinoprotektahan din ang sarili mo, ang mga mahal mo sa buhay, at mga kapitbahay mo mula sa COVID-19.

Unawain ang mga bagyo – mga kaugnay na peligro

Ang epekto mula sa mga bagyo ay maaaring umabot sa malalawak na lugar. Ang pinakamalaking banta sa kaligtasan ng buhay ay mula sa tubig sa anyo ng storm surge at pagbabaha paloob ng lupa.

- Ang storm surge ay maaaring magdulot ng mabilis na pagtaas ng lebel ng tubig at bahain ang malalaking lugar sa ilang minuto lang, nagbabanta ng makabuluhang banya sa pagkalunod. Ang storm surge ay maaaring pumasok sa lupa dala ng mga daluyuan ng tubig at magdulot ng karagdagang pagbabaha.
- Malakas na ulan at pagbaha papasok ng lupa. Ang pagbabaha mula sa malalakas na ulan ay ang pangalawang nangungunang dahilan ng pagkamatay. Ang malawakang torrential na ulan ay maaaring magdulot ng pagbabaha sa daan daang milya papasok ng lupa at maaaring magpatuloy ng ilang araw matapos lumipas ang malakas na ulan.
- Ang malalakas na hangin ay makakasira sa mga gusali at mga ginawang bahay. Ang mga gamit na naiwan sa labas ay maaaring maging lumilipad na missiles. Ang tropical storm-force at hurricane-force na hangin ay mapanganib.
- Ang mga tornado ay karaniwang nagaganap bilang mga rain band na malayo sa gitna ng storm.
- Ang mga mapanganib na alon ay makakagawa ng nakamamatay na rip current na malayo sa storm.
- Ang epekto ay aabot ng daan-daang milya sa loob ng lupa, na nagdudulot ng kawalan ng kuryente, tubig, gas, mga komunikasyon; barado o nasirang mga kalye; mga kakulangan ng pagkain, nakaboteng tubig, gamot, mga supply sa bahay; at mga pagsasara ng medikal na pasilidad.

Unawain kung aling mga peligro ay malamang mong haharapin

Susunod, alamin ang pagkalantad sa bawat peligro para sa lokasyon mo-saan ka nakatira, dumalo sa paaralan, trabaho o paglalaro. Kontakin ang inyong ahensiya sa pamamahala ng emergency ng estado o lokal para sa tulong para maunawaan ang

Karapatang-ari © 2020 ng American National Red Cross

mga peligrong malamang na makaapekto sa iyong lokasyon, kasama ang storm surge, mabilis na pagbaha, pagbaha ng ilog, malalakas na hangin, mga tornado at mga rip current.

- Hanapin ang impormasyon sa pakikipag-ugnay para sa estado, lokal at tribung pamahalaan at mga ahensiya, at para sa mga ahensiya sa pamamahala ng emergency ng estado.
- Matutunan ang tungkol sa plano sa pagtugon ng komunidad niyo para sa mga peligrong ito at alamin kung ang mga planong ito ay napatupad dahil sa COVID-19. Manatiling may kasalukuyang kaalaman sa payo at mga restriksiyon mula sa inyong estado at lokal na pampublikong pangkalusugang awtoridad dahil maaapektuhan nito ang inyong pagkilos at mga magagamit na dulugan.
- Malamn kung nakatira ka sa designadong zona ng paglikas kapag may hurricane storm surge. Maraming komunidad ay may mga designadong sona ng paglikas at mga ruta. Maging pamilyar sa mga ito, kaya kung magbigay ang mga lokal na awtoridad ng abiso sa paglikas, malalaman mo kung apektado ka at kung saan pupunta.
- Malaman kung nasa sona ka ng baha. Ang mga sona ng bahay ay mga lugar na minamapa ng pederal na pamahalaan, para abisuhan ang mga residente ng peligro nila sa pagbabaha.

Maghandang matugunan ang mga basic mong pangangailangan

Ang mga bagyo ay maaaring magdulot ng pagpatay ng kuryente, pagharang sa mga kalye, pag-abala sa tugon ng mga pang-emergency na serbisyo, at pagpapasara ng mga tindahan at parmasya nang matagal na panahon. Nagdaragdag ang COVID-19 sa kasalimoutang ito. Maghanda ngayon para magkaroon ka ng mga mahahalagang kaalaman, kakayahan at mga supply para manatiling ligtas at matugunan ang mga basic mong pangangailangan.

Matuto ng mga kritikal na kakayahan: Maglaan ngayon ng oras para matutunan ang mga kritikal na kakayahan na maaaring kailanganin mo.

- **Matuto ng First Aid at CPR**. Ang Red Cross ay may iba't ibang online na klase para matutunan ang mga kakayahang ito. At, i-download ang libreng First Aid App.
- **Matutunan kung paano protektahan ang sarili mo at ang mga mahal mo sa buhay mula sa COVID-19** sa cdc.gov/coronavirus at redcross.org/coronavirus.
- **Matutunan kung paano i-off ang mga utility niyo sakaling abisuhan kang gawin ito. Matuto kung paano ligtas na gumamit ng kagamitan**, iyon ay, generator, backup-battery supply para sa medikal na kagamitan, atbp.

Kalapin ang mga pang-emergency na supply: Bumuo ng dalawang kit ng mga emergency supply at isang buwang supply ng de-resetang gamot. Magismula sa basic na listahan ng supply na ito. Bigyan ng mas maraming oras ang sarili mo kaysa sa karaniwan para ihanda ang inyong mga supply. Ang paghahatid sa bahay ay ang pinakaligtas na pagpipilian sa pagbili ng mga supply; subalit, maaaring hindi opsiyon iyan para sa lahat. Kung ang personal na pamimili ay ang tanging magagawa mo, magsagawa ng mga hakbang para protektahan ang sarili mo at ang kalusugan ng mga ibang tao kapag nagsasagawa ng mga mahahalagang gawain. Protect yourself and others when filling mga reseta sa paglimita ng mga personal na pagbisita sa parmasya. Mag-sign up para sa mail order delivery o itawag ang reseta mo bago pa man at gumamit ng mga drive-through window o pagkuha sa bangketa, kung mayroon. Ipasadya ang mga kit mo para matugunan ang mga pangangailangan mo. Mag-stock ng mga pagkain na hindi kailangan mailagay sa refrigerator. Regular na palitan ang mga bagay na tulad ng tubig, pagkain, mga gamot at mga baterya na masisira sa paglipas ng panahon. Isama ang paglilinis, disinfectant, at mga hygiene item para protektahan laban sa COVID-19.

- **Stay-at-home kit (2 linggo ng mga emergency supply):** Isama ang lahat ng kailangan mo para manatili sa bahay ng 2 linggo man lang kasama ang mga bagay tulad ng pagkain, tubig, mga supply sa panlinis at pag-disinfect, sabon, mga papel na produkto at mga gamit para sa personal na kalinisan.
- **Evacuation kit (3 araw ng mga supply sa "go bag"):** Ang pangalawa mong kit ay dapat magaan, mas maliit na bersiyon ng madadala mo kung kailangan mong lumikas. Isama ang lahat ng kailangan mo para mapag-isa ng 3 araw - pagkain, tubig, mga gamit sa personal na kalinisan, at mga supply sa paglilinis at pag-disinfect na magagamit mo kahit saan (mga tisyu, hand sanitizer na may 60% alcohol at mga pang-disinfect na pamunas). Siguruhin ka na mayroon kang telang pantakip ng mukha, tulad ng mga mask at scarf, para sa lahat sa bahay niyo na makakasuot nito nang ligtas. Ang mga telang takip ng mukha ay hindi dapat ilagay sa mga batang bata na mas bata sa edad na 2, sinuman na nahihirapang huminga, o hindi maaalis ito nang walang tulong. Tandaan, ang pagsuot ng telang takip ng mukha ay hindi kapalit ng

Karapatang-ari © 2020 ng American National Red Cross

pisikal na distancing. Sa publiko, maghandang patuloy na magpanatili ng 6 na talampakan sa pagitan mo at ibang tao AT magsuot ng telang pantakip ng mukha kung ligtas mo itong magagawa.

- **1-buwang supply ng de-resetang gamot**, pati na ang over-the-counter na gamot tulad ng pampigil sa ubo at pampababa ng lagnat na gamot at mga medikal na supply o kagamitan. Panatiliing magkasama ang mga bagay na ito sa hiwalay na lalagyan para madala mo ito kapag kailangan mong lumikas.

Magplano

Batay sa lokasyon mo, mga plano ng komunidad at mga sirkumstansiya, umawa ng mga sarili mong plano para sa paglikas at/o pag-shelter in place. Tandaan, ang mga lokal na opisyal ay ang pinakamahusay na pagkukunan ng impormasyon kapag inaalam kung lilikas o magse-shelter in place kapag may emergency.

Pagplano ng Paglikas

Nakatira ka ba sa lugar na malamang ay malantad sa mga peligrong ito?

- Sa may baybayin, malapit sa coastal waterway? O sa isang sona ng paglikas sa hurricane storm surge?
- Sa isang lugar na madalas nagbabaha? O sa sona ng baha?
- Sa isang mobile / manufactured na bahay o recreational vehicle?

Pagkatapos, maghandang lumikas. Matutunan ang plano ng paglikas ng inyong komunidad. Pagkatapos, gumawa ng plano sa paglikas kasama ng mga miyembro ng inyong sambahayan. Alamin kung saan ka pupunta, paano ka makakapunta doon, saan ka mananatili, paano mo mapoprotektahan ang sarili mo mula sa COVID-19, at ano ang dadalhin mo.

- Tanungin ang mga kaibigan/kamag-anak sa labas ng lugar mo kung puwede kang tumira sa kanila. Kung may mga tao sa bahay nila na nasa mas mataas na peligro para sa seryosong COVID-19 na sakit, gumawa ng ibang pakikipag-ayos. Magtanong sa mga hotel, motel, at mga campground para makita kung bukas sila. Alamin kung anong mga dulugan sa pagsilong ang mayroon mula sa mga lokal na opisyal ng pamamahala sa emergency, at kung naipatupad ang mga plano sa pagsilong dahil sa COVID-19. Maging pamilyar ka sa mga rekomendasyon ng CDC sa pananatiling ligtas sa isang pampublikong disaster shelter sa panahon ng COVID-19. Magkaroon ng plano para sa mga alagang-hayop mo.
- Kung kailangan mong humiram ng transportasyon, magplano ngayon. Kung kailangan mong gumamit ng pampublikong transportasyon, kasama ang paratransit, kontakin ang lokal mong ahensiya sa pamamahala ng emergency para magtanong kung paano gagana ang paglikas. Kung may kotse ka, panatiliin itong umaandar nang mabuti at panatiliing puno ang tangke ng gas.
- Ang mobile, manufactured na tahanan, at mga recreational vehicle (RV) ay hindi makakapagbigay ng ligtas na silungan mula sa tropical storm-force o hurricane-force na hangin. Ang mga strap o ibang pantali ay hindi magbibigay ng proteksiyon. Dapat mag-evacuate ang mga residente kapag pinayuhan ng mga lokal na awtoridad.
- Kung may kapansanan ka, kailangan ng tulong sa paglalakad, mahina ang paningin, bulag, mahina ang pandinig o bingi, gumawa ng komprehensibong plano sa paglikas kasama ang pamilya at mga tagapagbigay ng pag-aalaga. Tasahin ang mga kakayahan mo at mga pangangailangan bago, habang at matapos ang sakuna. Gumawa ng personal na pangsuportang network para tulungan ka. Kung nakakatanggap ka ng regular na medikal na paggamot, makipagtulungan sa iyong tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan para madetermina kung paano pananatiliin ang paggamot kung kailangan kang lumikas.
- Tandaan, kung payuhan ka ng mga awtoridad na lumikas, maghandang umalis agad dala ang iyong evacuation kit ("go bag" ng mga emergency na supply).

Pagpaplano sa shelter-in-place

Kung wala ka sa lugar na nirerekomenda para sa paglikas, maaaring magpasya ka ring umalis sa lugar batay sa mga kundisyon ng kalusugan mo, maaari mong kailanganing lumipat sa mas mataas na lupa dahil sa pagbabaha, o maaaring piliin mong manatili sa bahay mo. Kung magpasya kang manatili sa bahay, gumawa ng plano para ligtas na mag-shelter in place.

- Kilalanin ang ligtas na silungan mula sa malalakas na hangin, tulad ng FEMA safe room o ICC 500 storm shelter. Ang susunod na pinakamahusay na proteksiyon ay ang isang maliit, panloob, walang bintanang kuwarto sa matibay na gusali sa pinakamababang lebel ng hindi binabaha.
- Kilalani ang pagkukunan ng backup power para sa sinusuportahan ng power na medikal na kagamitan. Magkaroon ng de-bateryang radyo, mga flashlight at/o de-bateryang lantern at mga ekstrang baterya.

Karapatang-ari © 2020 ng American National Red Cross

- Kung ikaw ay nasa isang lugar na malamang bahain, magtalaga ng isang lokasyon sa mas mataas na lupa na maaari kang lumipat bago ka maabot ng baha.

Siguruhing masusubaybayan mo ang mga nagbabagong kundisyon

Magkaroon ng access sa mga alerto sa panahon at mga abiso upang maaari mong masubaybayan ang mga kondisyon at makatanggap ng mga tagubilin mula sa mga lokal na opisyal sa panahon ng isang pagkawala ng kuryente.

- Ang National Hurricane Center (NHC) ay ang opisyal na pagkukunan ng abiso at pagtaya ng bagyo, at responsable sa pagbibigay ng mga pagbabantay ay babala sa bagyo para sa United States. Ang mga lokal na epekto ay magmumula sa inyong lokal na tanggapan ng weather service.
- Alamin ang mga klase ng abisong aasahan at kung ano ang gagawin kapag natanggap mo ang mga ito.
- Magrehistro para makatanggap ng mga libreng pang-emergency na alerto na inihahandog ng komunidad mo.
- Unawain ang plano ng komunidad niyo para abisuhan ang mga taong may kapansanan.
- Bumili ng de-bateryang radyo para makatanggap ng impormasyon mula sa mga lokal na awtoridad kapag nawalan ng kuryente. Ang mga weather radio na may text display at mga flashing na alerto ay mabibili ng mga taong bingi/hirap sa pagdinig.
- I-download ang libreng Emergency App

Gumawa ng plano sa komunikasyon

Lumikha ng plano para muling kumonekta sa mga mahal sa buhay kung bagsak ang mga netowrk ng komunikasyon. Magkaroon ng back-up na baterya para i-charge ang iyong cell phone.

- Kumpletuhin ang contact card oara sa bawat miyembro ng iyong sambahayan at siguruhin na dala nila ito.
- Magdesigna ng out-of-town contact na makakatulong sa sambahayan niyong mag-ugnayan.
- Pinakamainam ang text. Ang text message ay maaaring pumasok kung saan di kaya ng tawag.
- Magplano ng lugar ng kung saan magkikita para makakapagkita kayo kapag ligtas.

Ingatan ang mga mahahalagang dokumento

Ingatan ang mga mahahalagang dokumento, kasama ang personal, pinansiyal, insurance, at medikal na talaan upang agad kang makabawi.

- Mga papeles ng birth certificate, pasaporte, Social Security card, insurance policy, deed, mortgage, lease, utang. Litrato ng mga pag-aari
- Kasalukuyang digital na litrato ng mga mahal sa buhay na in-update tuwing anim na buwan, lalo na para sa mga bata.
- Listahan ng mga gamot, allergy, at medikal na kagamitan.
- Tingnan ang Disasters and Financial Planning at Financial First Aid Kit

Protekyahan ang tahanan niyo at mga pag-aari

- I-reinforce ang mga pintuan, bintana, at mga bubong. Protektahan ang mga bintana gamit ang permanenteng storm shutters o mamuhunan sa kalahating pulgadang marine plywood na naputol na para kumasya sa mga pintuan at bintana niyo. Pag-isipang magtayo ng safe room na nakatutugon sa pamantayan ng FEMA.
- Kilalanin ang lugar kung saan mag-iimbak ng lawn furniture, mga laruan, at mga basurahan (malayo sa mga hagdan at labasan). Iankla ang mga gamit na hindi ligtas ipasok sa loob (hal., mga gas na ihawan at mga propane tank). Putulin o alisin ang mga punong malapit matumba sa mga gusali. Iwasang i-tape ang mga bintana, dahil hindi ito makakapigil na mabasag ito, pero maaaring makalikha ng mas malalaking bubog ng salamin na maaaring malalang makapinsala.
- Panatiliing walang bara ang mga gutter at drain. Mag-stock ng pang-emergency na pamproteksiyong materyales tulad ng plastic sheeting, at mga sandbag. Magkabit ng water alarm at mga sump pump na may bateryang backup. Magkabit ng mga “check valve” sa mga linya ng sewer. Itaas ang heating system (furnace), water heater, at electric panel kung bahain. Waterproof na basement.
- Kung umuupa ka, kausapin ang kasera mo tungkol sa mga hakbang na magagawa niyong dalawa. Para sa mga may-ari ng bahay, tingnan ang Avoiding Hurricane Damage – A Checklist for Homeowners. Kung umuupa ka, hindi sasaklawan ng insurance ng kasera mo ang pinsala sa mga ari-arian mo, kaya pag-isipang bumili ng insurance ng umuupa.

Karapatang-ari © 2020 ng American National Red Cross

Karamihan ng mga insurance policy ng pag-aari ay hindi sumasaklaw sa mga kawalan sa baha, kumuha ng hiwalay na insurance sa baha kung ang pag-aari mo ay nasa peligro na bahain. Matuto pa sa pagbisita sa FloodSmart.gov.

Mga Karagdagang Dulugan

- FEMA: ready.gov/hurricanes
- CDC: cdc.gov/disasters/hurricanes/index.html , cdc.gov/disasters/hurricanes/covid-19/prepare-for-hurricane.html
- National Hurricane Center: nhc.noaa.gov/
- American Red Cross: redcross.org/get-help/how-to-prepare-for-emergencies/types-of-emergencies/hurricane.html

Karapatang-ari © 2020 ng American National Red Cross